# Sumulat ka sapagkat sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ko ay nasa kamay Niya, walang lumalabas mula rito kundi totoo."}

Ayon kay `Abdullāh bin `Amr (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Ako noon ay nagsusulat ng bawat bagay na naririnig ko mula sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), na ninanais kong isaulo, ngunit sumaway sa akin ang liping Quraysh. Nagsabi sila: "Nagsusulat ka ba ng bawat bagay na naririnig mo mula sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) samantalang ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay isang taong nagsasalita sa [sandali ng] galit at lugod?" Kaya nagpigil ako sa pagsusulat saka bumanggit ako niyon sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kaya nagpahiwatig siya ng daliri niya sa bibig niya saka nagsabi: "Sumulat ka sapagkat sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ko ay nasa kamay Niya, walang lumalabas mula rito kundi totoo."}

[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud]

Nagsabi si `Abdullāh bin `Amr (malugod si Allāh sa kanya): "Ako noon ay nagsusulat ng bawat bagay na naririnig ko mula sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) upang magsaulo ako nito sa pamamagitan ng pagsusulat, ngunit may sumaway sa akin na mga lalaking kabilang sa liping Quraysh. Nagsabi sila: "Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay isang taong nagsasalita sa [sandali ng] lugod at galit at maaaring magkamali siya." Kaya naman tumigil ako sa pagsusulat. Nagpabatid ako sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) hinggil sa sinabi nila, kaya tumuro siya ng daliri niya sa bibig niya saka nagsabi siya: "Sumulat ka sapagkat sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ko ay nasa kamay Niya, walang lumalabas mula rito kundi totoo sa bawat kalagayan at sa lugod at galit." Nagsabi nga si Allāh tungkol sa Propeta Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan): {3. Hindi siya bumibigkas ayon sa pithaya. 4. Walang iba ito kundi isang kasi na ikinakasi sa kanya.} (Qur'ān 53:3-4)